abc123

Simpleng mga Hakbang tungo sa Tagumpay ng Iyong Anak

Magbasa *araw-araw.*

Magbasa *nang sabay.*

Gawing kasiya-siya ang pagbasa!

10 *pamaraan upang maging kasiya-siya ang pagbasa*

1. Ituro ang mga salita at parirala sa iyong paligid – nasa mga kahon ng cereal, mga karatula ng kalsada, mga mapa, mga posters at mga aklat.
2. Hayaan ang iyong mga anak na pumili ng kanilang mga aklat.
3. Maghanap ng mga magasing pambata na magugustuhan ng iyong anak.
4. Magbasa ng may sigla – gumamit ng mga magkakaibang boses, gumawa ng mga papet, magsadula ng isang kuwento.
5. Magbigay ng mga pahiwatig na ukol sa isang lihim na salita na iniisip mo. Pumili ng isang salita na kaugnay ng isang bagay na sabay na nagawa mo at ng iyong anak.
6. Gumawa ng mga kards upang maglaro ng mga larong tugma-tugma-itugma ang mga letra at mga salita sa mga retrato. Maglaro ng mga board games na may kasaling paggawa ng mga salita at pagbasa ng mga salita sa kard.
7. Gawin ang iyong kusina na kabahagi ng iyong "pook ng pagbabasa". Magkaroon ng mga nakahandang fridge magnets upang makapagsimula ang mga bata na gumawa ng mga salita at maikling mga pangungusap.
8. Hilingin ang mga kamag-anak at mga kaibigan na magbigay ng mga aklat bilang regalo.
9. Maglaro ng mga memory games. Maglagay ng mga bagay sa sahig, pakiusapan ang iyong anak na pagmasdan ang mga ito ng isang minuto at saka takpan. Pakiusapan ang iyong anak na pangalanan ang mga bagay hanggang na matandaan niya.
10. Magbasa ng lahat ng klaseng babasahin – mga kuwento, mga tula, mga artikulo sa pahayagan, mga magasin at komiks.

English
Français – French
عربي – Arabic
繁體中文 – Traditional Chinese
简体中文 – Simplified Chinese
فارسی – Farsi
हिन्दी – Hindi
한국어 – Korean
Português – Portuguese
ਪੰਜਾਬੀ – Punjabi
Español – Spanish
Tagalog – Tagalog
தமிழ் – Tamil
اردو – Urdu
Tiếng Việt – Vietnamese

Hanapin ang mga tip sa pagbasa sa 14 na lenggwahe sa **www.ontario.ca/abc123**

Tagalog

abutin ang bawat mag-aarál

Ontario

abc123

Simpleng mga Hakbang tungo sa Tagumpay ng Iyong Anak

Magbasa
araw-araw.

Magbasa
nang sabay.

Gawing
kasiya-siya
ang pagbasa!

Maghanap ng karagdagang mga tip tungkol sa pagbasa, pagsulat at matematika sa:
www.ontario.ca/abc123

Mga tip upang matulungan ang iyong anak sa pagbasa

Kindergarten – Ika–3 Grado

1. **Magtabi kayo at magbasa**. Ang pagsasama sa katahimikan ay mga pagkakataon upang magkalapit . . . at magbasa. Bigyang sigla ang iyong boses. Himukin ang iyong anak na basahin ang bawat pahina. Habang nagpapatuloy, ipaliwanag ang mga bagong salita at ideya.

2. **Maging isang role model sa pagbabasa.** Kapag nakikita ka ng iyong mga anak na nagbabasa, gagayahin ka nila. Hindi tatagal malalaman nila na kawili-wili ang pagbabasa, nakakatuwa, at na ito'y isang bagay na gawain ng mga taong nasa hustong gulang.

3. **Ang mga public library sa kasalukuyan ay mga mundong handang tuklasin**. Ang iyong library ay may mga malawak na mga mapagkukunan at may mga napakahusay na in-house na mga programa katulad ng reading circles (mga grupo ng mga mambabasa) para sa mga maliliit na bata at mga homework clubs para sa mas malalaking bata.

4. **Ang mga laro ay maaring maging mahalagang kagamitan sa pag-aral.** Ang mga board games o card games katulad ng bingo o memory and rhyming cards ay maaring maging kasiya-siyang pamaraan upang matutunan ang tungkol sa mga salita, mga tunog ng letra, at pagbasa.

Ika–4 – Ika–6 Grado

1. **Ipatuloy ang pagbasa kasama ang iyong anak.** Kailan man ay walang matandang bata na maaring basahan – o hayaang ikaw ang basahan nila. Magbasa ng mga sari-saring mga materyal – mga magasin, mga pahayagan, mga libro, mga tula at komiks.

2. **Pasukin ang mga interes at mga libangan.** Kalimitan mas gusto ng mga batang basahin ang mga paksa na nakakabigay ng interes sa kanila, katulad ng palakasan o crafts. Huwag mabahala kung ito ay komiks, magasin o naisalarawang nobela. Lahat ng pagbabasa ay mabuti, at magbabago ang kanilang panlasa habang sila'y tumatanda.

3. **Magbasa ng mga ilan sa mga aklat na katulad ng sa iyong anak.** Humingi ng mungkahi mula sa laybraryan o guro ng iyong anak. Maari kayong magkaroon ng magandang talakayan tungkol sa mga tauhan, kwento, o mga paksa.

4. **Pakiusapan ang iyong mga anak na kausapin ka tungkol sa kanilang mga binabasa.** Tanungin sila kung tungkol sa ano ito at ano ang pinakawiwili tungkol sa aklat. Sabihan siyang ilarawan ito sa iyo.

© Limbagan ng Reyna para sa Ontario, 2008 • ISBN 978-1-4249-7557-0 (PDF)